

# MAG-KAISA FUKUSHIMA

~ Voices from Fukushima ~



1,000 araw ng nakararaan ng mangyari ang Great East Japan na lindol at ang Pagsabog ng Planta ng Nukleyar .Hangang ngayon ay patuloy pa ring nakalikas ang mga tao , at hirap sa pamumuhay . Kami ay sumisimpatiya sa kanilang mga kalagayan at nanalangin ng patnubay at kalakasan mula sa ating Diyos Ama.

Inyong tunguhan ang aming newsletter GYRO sa mga updates sa kasalukuyang sitwasyon ng Lungsod ng Fukushima at ganoon din ang mga aktibidades ng mga lokal na mamayan at mga naninirahang banyaga.

※Maaari ninyong i-download sa aming homepage ang newsletter na ito.



## Tanawin sa Fukushima

### Pag-iisip kung papaano ang pagbangon ng Fukushima 「Study Tour」

Ang study tour na ang layunin ay makita ng aktuwal ang sitwasyon na apektadong lugar ng tsunami na ginanap sa Iwaki Support and Tourism office . Noong Nobyembre 23. 2013, nagkaroon ng 24 na lumahok mula sa ibat ibang lugar ng Japan. Kanilang dinalaw ang mga lugar tulad ng Hisanohama area at Toyoma (Usuiso area).

Sa Hisanohama kanilang, pinasyalan ang Hamakaze shopping street, kung saan unang ginawa ang Mababang Paaralan ng magkaroon ng kalamidad. Sa may shopping street nagkaroon ng pagkakataon makipag-usap ang mga kalahok sa mga taong naghahanap buhay doon at kanilang pinakikita ang mga litrato na kuha noong nagkaroon ng malaking lindol.

Pagkaraan nito , lumipat ang mga lumahok sa Hattachi beach at nagkaroon sila ng pagkakataon makinig sa istorya ng mga taong nagtatrabaho doon, kung papaano sila naghirap sa pagtatrabaho upang maibalik sa dati ang kanilang lugar at ang iba naman ay naalala ang sakit na dinanas noong magkaroon ng kalamidad.



Hisanohama Hattachi Beach

Sa Toyoma (Usuiso area) kung saan sila bumisita ng hapon na iyon ay ang lugar na mas ma malaking pinsala.

Ang tour na ito ay nagbigay ng impormasyon na mahirap makuha mula sa media. Sa pagtunguhay lang ng kanilang dalawang mata ang aktuwal na pangyayari sa mga malaking apekto ng lugar, at marinig ng personal ang kanilang mga naranasan. At ito' y naging daan upang pag-ispan nila kung paano muling bumangon, maiwasan ang mga pangyayari at maprotektahan ang Fukushima. (ang mga litrato ay kuha sa Iwaki City 2013. 11. 13)



May 9 na tindahan ang sa kasalukuyan sa Shopping street

## Information Communication Technology for recovery (ICT)

Ang pagtitipong Fukushima Recovery Informationfair 2013 , kung saan gagamitin ang nga advance Information Communication Technology (ICT)na ginanap sa Corrase noong Nobyembre 21,2013.May mga booths na naghahangad upang ipakilala ang kanilang proseso sa pagbangon ng ibat ibang Bussiness firm.Ganun din sa ipinamlas ni Journalist Daisuke Tsuga, Marilka Takeda,na sumusuporta sa pagbangon sa pamamagitan ng IT.Siya rin ang nagsalita bilang volunteer ng mga akitibidad sa Iwate Prefecture Rikuzen Takada City Nagohara –genki Village.Amin din inaasahan ang paggamit ng ICT sa Fukushima. (ang mga litrato ay kuha sa Iwaki City 2013.11.21)



Mr. Daililinis ang mga Igisuke Tsuda at kanyang pamamahagi ng ng kaalaman sa ICT

## Paglilinis ng litate Village Usuishi area



Pinaplano ng Japan kung paano paglilinis ng radyasyon sa 20km mula sa nukleyar plant.lalo na sa “Pinangalanang “Special Decontaminatio areas) ng Gobyerno.

Sa litate Souma, isa sa special na paglilinis na lugar,ay inutos na gawing proseso ang paglilinis sa mga buiding,bahay,daan at sakahan.Maasahan ang maagang pagbawi.

(kuha ang litrato sa litate Village2013.12.3)



## Tinig mula sa Fukushima

### Ginang Panita Terada (Mula sa Thailand, naninirahan sa Koriyama)

Nang dahil sa kalamidad,nasara ang Thai restaurant nang mahabang panahon.Muli itong binuksan noong taglagas taon 2012.May mga kostumer na kanya kanyang backgrounds. Mayroon akong mga kaibigan mula sa Koriyama at Shirakawa mula sa aming bansa ang minsan dumadalaw, at minsan ay nag papaalala sa akin tunkol sa mga nangyari noong may kalamidad.

Masyado akong abala sa aking trabaho kaya walng oras sa aking sarili upang mag-enjoy.Kaya't pag may oras akong magpunta sa Koriyama Bandai Atami hot spring,Lagi ako nakakaramadam ng mabuti at kapreskohan.Ito ang nararamdaman ko bilang mamayan ng Fukushima.

### Gng.Lyn Okura(mula sa Pilipinas,naninirahan sa Fukushima)

Makaraan ang kalamidad na dulot ng malaks na paglindol,nabuo ang grupo ng “Hawak Kamay” isa ako sa nagvolunteer at sumali sa grupong ito. Tuwing naalala ko ang bagyong kumitil ng maaraming buhay .Aking naramdaman ang sakit atlungkot. Higit rito, kami ay gumawa ng campaign para sa fund raising.Kami ay tumayo sa may station ng train upang mangolekta ng donasyon sa 2 magkasunod na araw. Noong nakaraang Nobyembre 30. Marami ang nagbigay ng simpatiya sa amin. Ako ay natutuwa sa mga tulong aming natatangap.Aking napagtanto na ang kahalagahan ng kooperasyon. Kami ay tumayo sa may station ng train upang mangolekta ng donasyon sa 2 magkasunod na araw. Noong nakaraang Nobyembre 30.Marami ang nagbigay ng simpatiya sa amin. Ako ay natutuwa sa mga tulong aming natatangap.Aking napagtanto na ang kahalagahan ng kooperasyon.

### Ginoong Min Shinyan (mula sa Tsina,naninirahan sa Fukushima)

Binalak kong pumasok sa Fukushima University noong nakaraang Spring 2011. Ngunit sa nangyaring kalamidad, kailangan kong ipahuli ang pagpasok ko sa taong iyon.Noong taon, na iyon ako ay naglakap ng impormasyon hingil sa radiation at nakatulong upang malaman ko ang panganib nito, at ito rin ang nagbigay ng gaan sa aking loob sa paninirahan sa Fukushima. Ako ay naging presidente ng council ng mga exchange studen. Ako din ay lumahok sa mga kasiyahan naganap na piyesta ng kultura sa Fukushima International Ass. Bilang bisita sa Workshops sa Fukushima International Ass., nagkaroon ako ng oportunidad na ipakilala ang mga studyante ng Elelmentarya at Highschool ng kanilang kultura sa Tsina.Ako ay nagagalak dahil sa pakikinig ng mga studyante sa akin inilahad sa kanila.Kahit na 2 taon na lang ang aking ilalabi sa Fukushima. Ako ay nagagalak dahil sa pakikinig ng mga studyante sa akin inilahad sa kanila.Kahit na 2 taon na lang ang aking ilalabi sa Fukushima.Gusto kong palawakin ang aking kaalaman at dagdagan ang aking karanasan sa pagsali sa mga ganitong aktibidade at okasyon.



### Ang Sukat ng radiation level sa Lungsod ng Fukushima (pansamantalang halaga)

Ang mga impormasyon sa ibinibigay ng Pamahalaan ng Lungsod ng Fukushima ukol sa radiation level sa ibat-ibang wika tulad ng English,Intsik at Hapon.At ang Fukushima International Association website ay nagbibigay sa wikang nasa itaas at Tagalog,Koreano,at Portuges.

Unit :mikro sievert /oras

Date Oras ng pagsukat	Fukushima City	Koriyama City	Shirakawa City	Aizu Wakamatsu City	Minami Aizu Town	Minami Soma City	Iwaki City
normal na halaga	0.04	0.04-0.06	0.04-0.05	0.04-0.05	0.02-0.04	0.05	0.05-0.06
2013.12.10 9:00	0.30	0.16	0.11	0.07	0.05	0.14	0.08
Measurement device	MMP	MMP	MMP	MMP	MMP	MMP	MMP
Direksiyon at Distansiya from 1st power plant	Hilaga Kanluran About 63km	Kanluran About 58km	Timog Kanluran About 81km	Kanluran About 98km	Kanluran Timog Kanluran About 115km	Hilaga About 24km	Timog Timog Kanluran About 43km

※Ang sukat ng Radiation level sa Lungsod ng Fukushima ay nakuha sa paradahan ng sasakyan sa hilagang bahagi ng Kenpoku District Health and welfare Office.Ang lungsod ng Koriyama ay kinuhanan sa parahadahan ng sasakyan sa timog ng Koriyama Government Office complex.



### FIA Information

#### Olpormasyon hinggil sa konsultasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan dito sa Fukushima

Dito sa FIA ay mayroong konsultasyon sa ibat –ibang wika.

- Ang linguaheng English,Intsik, Hapones ay mula Martes hangang Sabado sa oras na alas nuebe hanggang ala sinko ng hapon
- At para sa mga salitang Korea, Tagalog at Portuguese Tuwing ika-apat at limang Miyerkoles,mula ala una hanggang ala singko ng hapon .Kailangan munang tumawag upang makipag-usap sa kinauukulan.

#### Publisher

#### Fukushima International Association

〒960-8103 Funabacho 2-1,  
Fukushima City, Fukushima  
Prefecture

☎024-524-1315 FAX 024-521-8308

E-mail info@worldvillage.org

URL http://www.worldvillage.org